| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | II |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | ESP |
| | Teaching Dates and Time: | October 3-7, 2022 (WEEK 7) | Quarter: | 1st QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng disiplina tungo sa pagkakabuklodbuklod o pagkakaisa ng mga kasapi ng tahanan at paaralan | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng disiplina tungo sa pagkakabuklodbuklod o pagkakaisa ng mga kasapi ng tahanan at paaralan | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng disiplina tungo sa pagkakabuklodbuklod o pagkakaisa ng mga kasapi ng tahanan at paaralan | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng disiplina tungo sa pagkakabuklodbuklod o pagkakaisa ng mga kasapi ng tahanan at paaralan | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng disiplina tungo sa pagkakabuklodbuklod o pagkakaisa ng mga kasapi ng tahanan at paaralan |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa nang buong husay ang anumang kakayahan o potensyal at napaglalabanan ang anumang kahinaan | Naisasagawa nang buong husay ang anumang kakayahan o potensyal at napaglalabanan ang anumang kahinaan | Naisasagawa nang buong husay ang anumang kakayahan o potensyal at napaglalabanan ang anumang kahinaan | Naisasagawa nang buong husay ang anumang kakayahan o potensyal at napaglalabanan ang anumang kahinaan | Naisasagawa nang buong husay ang anumang kakayahan o potensyal at napaglalabanan ang anumang kahinaan |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** . | Makapagpapakita ng pagsunod sa mga tuntunin at pamantayang itinakda sa loob ng tahanan. (EsP2PKP-Id-e-12) | | | | |
| ***II. NILALAMAN*** | Tahanan Ko, Paglilingkuran Ko<br>1. Natutukoy ang mga tuntunin sa loob ng tahanan.<br>2. Natutukoy ang kahalagahan ng pagkakaroon ng malinis na tahanan.<br>3. Naibibigay ang kahalagahan ng pagtutulungan sa gawaing bahay. | | | | |
| ***KAGAMITANG PANTURO*** | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | | | | | |
| 2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral | | | | | |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource* | | | | | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | | tsart | tsart | tsart | |
| ***III. PAMAMARAAN*** | | | | | |

**SUBUKIN**

Panuto: Lagyan ng tsek (/) kung ang pahayag ay nagsasaad ng pagtulong sa gawain sa tahanan at ekis (x) kung hindi. Sagutin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

1. Tinutulungan ni Ate Lea ang kaniyang nanay sa paghahanda ng kanilang pagkain.
2. Tinataguan ni Jun ang kaniyang tatay kapag ito ay may inuutos sa kaniya.
3. Pagkagising ni Lisa ay nililigpit niya ang kaniyang pinaghigaan.
4. Naglalampaso ng sahig si Dino upang hindi mahirapan ang kaniyang nanay sa paglilinis.
5. Nagagalit si Ate Isabela dahil inuutusan siya ng kaniyang nanay na maglaba ng kanilang mga damit.

**BALIKAN**

Panuto: Balikan natin ang kuwento ng Pangangalaga sa Tahanan at sagutin ang mga sumusunod na tanong: Sagutin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

1. Sa iyong palagay, paano mapadadali ang mga gawain sa tahanan?
2. Paano ka makatutulong sa mga gawain sa inyong tahanan?
3. Paano mapananatili ang kaayusan at kagandahan ng kapaligiran ng inyong tahanan?
4. Paano mapapanatili ni ate ang kalinisan sa kusina at silid?
5. Bakit kailangan mapanatili nila ang kalinisan at kaayusan ng kanilang tahanan?

**SURIIN**

Panuto: Tukuyin ang wastong gamit ng bawat kagamitan. Isulat ang titik ng iyong sagot. Sagutin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel..

| | |
|---|---|
| 1. Walis | A. Pamunas sa mga kagamitan |
| 2. Basahan | B. Lalagyan/tapunan ng mga kalat |
| 3. Basurahan | C.Panlinis ng pinggan |
| 4. Pang-urong/ Dishwashing Liquid/ Sabon | D.Panlinis ng alikabok at iba pang kalat ng tahanan |
| 5. Walis Tingting | E. Panlinis ng mga tuyong dahon at iba pang kalat sa bakuran |

**ISAISIP**

Mapapanatili ang _________________ at __________________ ng tahanan sa pamamagitan ng pagtutulungan at paggawa ng iba't ibang gawaing bahay ng mga kasapi ng pamilya. Maging responsable sa paggawa ng mga ito.

**TAYAHIN**

Lingguhang Pagsusulit

Panuto: Tukuyin kung alin ang nagpapakita ng wastong paraan nang pangangalaga sa tahanan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

1. Gumising nang maaga si Roda at nakita niyang nakatambak ang hugasing pinggan. Ano ang dapat niyang gawin?
A. Hayaan ang nakatambak na pinggan.
B. Huhugasan ni Roda ang nakatambak na hugasin.
C. Tawagin ang nakababatang kapatid at utusan na hugasan ito.
2. Nakita ni Benjo na nag-aayos ng mga sirang upuan ang kaniyang ama. Ano ang dapat niyang gawin?
A. Tulungan ang ama sa pag-aayos ng sirang upuan.
B. Umalis ng bahay at makipaglaro sa mga kaibigan.
C. Panoorin ang ama habang nag-aayos ito ng mga sirang upuan.
3. Naglalaba ang iyong nanay ng inyong mga damit. Nakita mo na pagod na ito. Ano ang iyong dapat gawin?
A. Hindi ito papansinin
B. Sasabihin na bilisan niya ang paglalaba
C. Tutulungan ang nanay sa paglalaba ng aking mga damit
4. Nakita mo na hindi niligpit ng iyong bunsong kapatid ang kaniyang pinaghigaan. Ano ang dapat mong gawin?

A. Pagagalitan ang aking bunsong kapatid.
B. Hayaan na hindi maayos ang kaniyang higaan.
C. Pagtutulungan naming iligpit ang kaniyang pinaghigaan.

5. Ano ang mararamdaman mo kapag nagtutulong -tulong ang inyong pamilya sa paglilinis ng tahanan?
A. Maiinis
B. Masaya
C. Malungkot

**TUKLASIN**


Masarap tumira sa isang tahanan na laging malinis at maayos. Upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan nito kailangang magtulong-tulong ang mga kasapi ng pamilya sa pagsasagawa ng mga gawaing ito.

Mga Gawain Upang Mapangalagaan ang Tahanan

1. Pagwawalis
2. Paghuhugas ng pinggan
3. Pag-aayos ng higaan
4. Pagpapakintab ng sahig
5. Pagtatapon ng basura
6. Pagdidilig ng halaman
7. Pagsasaayos ng bakuran

**PAGYAMANIN**

Panuto: Pagtambalin ang mga larawan sa hanay A sa mga larawan ng mga gawaing dapat gawin sa hanay B. Sagutin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.




**ISAGAWA**

Panuto: Lagyan ng **Tama** ang patlang bago ang bilang kung tama ang pahayag at **Mali** kung mali ito. Sagutin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

1. Magkalat sa loob ng tahanan.
2. Tumulong kay nanay sa pagluluto ng pagkain.
3. Huwag gagawa sa tahanan kung hindi naman inuutusan.
4. Magdabog kapag pinaglilinis ng tahanan.
5. Makipagtulungan sa pamilya sa paglilinis upang maging malinis at maayos ang tahanan.

**KARAGDAGANG GAWAIN**

Panuto: Tukuyin ang gawain na iyong isinasagawa sa inyong tahanan. Sagutin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

Gawain:

Kagamitan:

Gaano kadalas ito dapat gawin?

***IV. Mga Tala***

***V. PAGNINILAY***

A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.

B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation.*
C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.
D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*
E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?
F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?
G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?